REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
Telephone no. 861-0181/Fax: 862-6473
Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD. 2020-287

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PASASALAMAT SA ROSITA S. SOLIMAN FOUNDATION, INC., SA PAMAMAGITAN NG KANYANG ANAK NA SI JOMERITO S. SOLIMAN SA PAGKAKALOOB NG SUPORTA, TULONG AT DONASYON NG ISANG YUNIT NG DISINFECTING CANON SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA PARA SA MGA TAGA-MUNTINLUPEÑO SA PANAHON NG PANDEMIC COVID-19.

****

Ipinanukala nina: ***Kgg. Punonglungsod Mggl. Jaime R. Fresnedi***
Kgg. Pang. Punonglungsod Artemio A. Simundac
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz-VIA ZOOM
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao-VIA ZOOM
Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga
Kgg. Kon. Ting Niefes
Kgg. Kon. Stephanie G. Teves
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez
Kgg. Kon. Walter A. Arcilla

****

SAPAGKAT, noong **Marso 12, 2020** ang **World Health Organization (WHO)** ay nagpahayag na ang COVID-19 ay isang pandemya kung kaya't inilagay ng Pamahalaang Nasyonal ang kabuuan ng Luzon at ibang lugar sa bansa sa ilalim ng ***Public Health Emergency;***

SAPAGKAT, dahil sa **Public Health Emergency**, inilagay sa ilalim ng **Enhanced Community Quarantine (ECQ)** ang buong **National Capital Region (NCR)** at ilang probinsya upang malimitahan ang paggalaw o paglabas ng mga tao sa kani-kanilang mga tahanan;

SAPAGKAT, bunsod ng ***Enhanced Community Quarantine (ECQ)*** ay maraming bahay-kalakal, negosyo at hanapbuhay ang pansamantalang tumigil na nakaapekto sa pang-ekonomiyang aspeto ng pamumuhay at nagdulot ng pagkiling ng batas ng suplay at pangangailangan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kagipitan, sakuna at pandemya ay nasusubok ang pagkabayani ng lahing Filipino kung saan ang iba't-ibang kumpanya, asosasyon, foundations, non-government organizations at indibidwal ay nagtulong-tulong upang maibsan ang kakulangan at pangangailangan na dulot ng pandemya;